Republic of the Philippines
Department of Education
Region X – Northern Mindanao
DIVISION OF TANGUB CITY
Anecito Siete Street, Mantic, Tangub City
e-mail: tangub.city@deped.gov.ph / website: www.depedtangub.net
Telephone (088)545-0304 Telefax: (088) 395 3372

DepEd DIVISION OF TANGUB CITY
CITY OF
RELEASED
DATE: 7-27-18

DATE: Ika – 26 ng Hulyo 2018

MEMORANDUM PANSANGAY
Blg. 190 S. 2018

BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2018

Sa mga: Kawaksing Tagapamanihala ng mga Paaralang Sangay
Pinuno ng CID at SGOD
Tagamasid Pansangay sa Lahat ng Asignatura
Punongguro ng mga Paaralang Pampubliko at Pampribado
Mga guro sa Paaralang Elementarya at Sekundarya
Sangay na ito

1. Ang Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) ay mangunguna sa pagdiriwang sa taunang **Buwan ng wika 2018** mula Agosto 1 hanggang 31, 2018 alinsunod sa itinakdang Pampanguluhang Proklamasyon Blg. 1041, S. 1997. Ang tema sa pagdiriwang sa taong ito ay **"Filipino: Wika ng Saliksik."**

2. Ang layunin ng pagdiriwang ay ang sumusunod:
   a. Ganap na maipatupad ang Pampanguluhang Proklamasyon Blg.1041, S. 1997;
   b. Mahikayat ang iba't ibang ahensiyang pampamahalaan at pampribado na makiisa sa mga programang tulad nito na magpapataas ng kamalayang pangwika at sibiko; at
   c. Maganyak ang mga mamamayang Pilipino na pahalagahan ang wikang pambansa sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok sa mga Gawain kaugnay ng Buwan ng Wikang Pambansa.

3. Ang lingguhang paksa sa loob ng isang buwang pagdiriwang ay ang sumusunod:
   a. Filipino: Kasangkapan sa Pambansang Karunungan;
   b. Kayamanan Kultural: Saliksikin Gamit ang Sariling Wika Natin;
   c. Filipino, Isang Pamanang – Bayan; at
   d. Intelektuwalisasyon ng Filipino, Para sa Kaunlaran ng Bansa.

4. Ang mga nabanggit na lingguhang paksa ang patnubay at magsisilbing batayan ng lahat ng mga gawaing bubuuin at isasagawa sa isang buwang pagdiriwang. Ang mga ito ay hindi nakaayos ayon sa pagkakasunod – sunod upang magkaroon ng kalayaan ang lahat sa pagpaplano ng programa.

5.Iminungkahi sa lahat ng mga paaralan ang pagbibigay ng makabuluhan at makahulugang selebrasyon ang pagdiriwang na ito upang lalong mahihikayat ang mga mag – aaral na tangkilikin at mahalin ang sariling pagkakakilanlan,

6. Tawag pansin sa lahat ng mga kawani ng mga paaralan at dibisyon na magsusuot ng mga katutubo o pambansang kasuotan tuwing Lunes sa buong buwang pagdiriwang.

7. Hinihiling ang malawakan at madaliang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

JEAN G. VELOSO
Tagapamanihala ng mga Paaralang Sangay

JGV/rpd/07-26-18